Ako si Fumio at ako ay nasa unang taon ng paaralan ng mataas na paaralan ng Nishio Higashi.
Nuong ako'y nasa ika-anim na baitang, nagtratrabaho na sa bansang Hapon ang ama ko ng (5) limang taon. Bigla akong pinapili ng ama ko"Kung saan ang gusto ko kung sa bansang Hapon o sa Australia". Nuong panahon na iyon, madalas akong manuod ng "Anime" kaya pinili ko ang bansang hapon. Bago ako pumunta, nag-aral ako ng wikang hapon sa loob ng 3(tatlong) buwan. Nuong nakarating ako sa bansang hapon, napaisip ako na wala masyadong pinagkaiba ang lugar na ito sa Vietnam. Pumunta ako sa bansang hapon nuong Ika-14 ng Nobyembre, 2018. Sa panahong iyon, nasa unang taon ako ng sekondarya. (3)tatlong buwan akong nag-aral ng wikang hapon sa silid-aralan ng "Soukitekiokyoushitsu" at nagsimula lamang akong regular na nag-aaral sa paaralan ng Heisaka nuong nasa pangalawang taon na ako.

Sa sekondaryang pag-aaral sa Heisaka ay nahirapan ako sa mga aktibidad ng club at sa pag-aaral. Sumali ako sa soccer club ngunit nahirapan ako sa pag-eensayo dahil magagaling ang kasama ko at hindi ako makasunod sa kanila. Mahilig ako nuon manuod ng laro ng soccer sa bansa ko pero laro-laro lamang ito. Nakayanan kong ipagpatuloy nuong nasa (2)pangalawang taon ako dahil mababait ang mga mas nakakataas na mga kasama ko sa club. Nahirapan ako sa mga paksa sa pag-aaral dahil kadalasan ang uri ng pagsusulat ay Kanji. Maliban sa uri ng pagsusulat, hindi ko rin naiintindihan ang salita nila lalo na sa asignaturang Hapon. Sa asignaturang Ingles naman ay hindi ko maintindihan ang mga katanungan kung kaya't nakakuha lamang ako ng 85 puntos. Pinag-aralan ko ng mabuti ang mga araling aklat at takdang aralin na ibinigay ng paaralan sa mga asignaturang Hapon, Araling Panlipunan at Agham.

Sa pangalawang pagsusulit ng Heisaka ay nagkamali ako ng isang tanong lamang at nakakuha ng 92 puntos sa asignaturang Ingles. Tumataas ang aking marka dahil pinag-aralan ko ang mga asignatura ng mabuti.
Nuong nasa pangatlong(3) taon ako ay kadalasan araw-araw akong pumapasok sa paaralan sa paghahanda ng Sanaru. Kung kaya't napag-isipan kong makapasok sa mataas na paaralan ng Nishio Higashi.Gustong kong patunayan ang sarili ko at sa mga kaibigan kong hapon na "Kahit ako ay lahing Vietnam, hindi ako magpapatalo sa mga Hapon", kung kaya't nakayanan kong malampasan hanggang sa panahon ito.

Sa susunod na taon ay nasa pangalawang(2) taon na ako at nais kong mag-aral ng Physics at kahit hindi pa ako sigurado sa kinabukasan ko, gusto kong pumasok sa Unibersidad ng Nagoya. Masaya ako sa mataas na paaralan dahil marami akong naging kaibigan. Nanguguna ako sa pagsusulit sa komunikason sa Ingles at pangalawa naman sa pagpapahayag ng Ingles. Bukod pa dito ay nasa labing-anim(16) na pwesto ako sa siyam(9) na asignatura sa pagsusulit ng paaralan. Gusto ko lamang ipahayag sa mga nag-aaral sa mataas na paaralan ay "Mag-aral kayo" at sa mga elementarya ay "maghanap kayo ng maraming kaibigan" Maraming Salamat sa pakikinig.